



UGNAYAN

Tatlong Buwanang Lathalaing ng Extension Services, Cavite State University, Indang, Cavite

TOMO XVIII BILANG 3

HULYO-SETYEMBRE 2020

Proyekto ng STAARRDEC, inilahad sa FITS Amadeo

Nakipagpulong ang Cavite State University - Extension Services (CvSU-ES) sa mga kinatawan ng Farmers' Information and Technology Services (FITS) Center ng Amadeo, Cavite kasama ang ilang opisyal ng Upland Cavite Farmers Association (UPCAFA) upang talakayin ang proyekto ng Southern Tagalog Agriculture, Aquatic and Resources Research, Development and Extension Consortium (STAARRDEC) na pinamagatang "Pagpapayabong ng Produktong Agrikultura: Sagot ng STAARRDEC Laban sa COVID".

Ang nasabing proyekto ay pinondohan ng Philippine Council for Agriculture, Aquatic and Natural Resources Research and Development (PCAARRD) kaugnay ng *Plant, Plant, Plant Program* ng Department of Agriculture (DA) na isa sa mga paraan ng pamahalaan upang maitaguyod ang kahalagahan ng pagsasaka sa panahon ng *Sundan sa p. 6*



Mga kinatawan ng CvSU-ES at STAARRDEC habang nakikipagpulong kay Kon. Joel Iyaya at iba pang kinatawan ng FITS Amadeo

ES-CONNECT, sinimulan

Hindi naging balakid ang pandemya upang simulan ng Extension Services (ES) ang "Extension Services: Creating Opportunities for the New Normal through Effective Conduct of Trainings/Seminars" o ES-CONNECT. Ang programang ito ay inilunsad noong Hulyo upang magsilbing tulay sa pagbabahagi ng kaalaman, kakayahan, bagong pagkatuto at karanasan sa iba't ibang komunidad sa kabila ng hamon ng *new normal*.

Nakapagsagawa ang ES, katuwang ang CvSU Bee Program at College of Arts and Sciences (CAS), ng isang serye ng *BEEyond the HIVE*



Poster para sa mga pagsasanay sa beekeeping

webinar na nagtampok sa anim na pagsasanay mula Hulyo hanggang Agosto. Nilahukan ito ng 2,379 na indibidwal mula sa iba't ibang probinsya, munisipalidad at bansa sa *Sundan sa p. 2*



Mga Nilalaman

DA-ATI IV-A, nagbigay ng pondo sa CvSU-ES para sa TDF	2
Project PUNLA ng FITS Imus, binuo	3
FITS Naic, tumanggap ng parangal mula sa DA-ATI IV-A	4
Mga produktong kawayan sa Maragondon, inilunsad	4
Programang Org-Ani-ko ng FITS Alfonso, nagbunga na	5
Mga tauhan ng ES, wagi sa patimpalak sa webinar	6
CvSU, namigay ng 70 libong face masks sa tulong ng CHED	7
Kaalaman kontra COVID-19	7
Webinar sa paggawa ng produktong gourmet, isinagawa	8

MGA BALITA

DA-ATI IV-A, nagbigay ng pondo sa CvSU-ES para sa TDF

Pormal na tumanggap ang Cavite State University-Extension Services (CvSU-ES) ng Php80,000 mula sa Department of Agriculture – Agricultural Training Institute ng Rehiyon IV-A (DA-ATI IV-A) noong Setyembre 7 upang gamitin sa patuloy na paglinang ng *Techno-Demo Farm* (TDF) bilang isang *Learning Site for Agriculture* (LSA).

Ang nasabing halaga ay gagamiting pondo sa pagbili ng mga kagamitan upang mapaghusay ang mga kasalukuyang teknolohiya na makikita sa TDF. Isa sa mga teknolohiya na itatayo ay ang *aquaponics*, kombinasyon ng pag-iisdaan at paghahalaman. Ang ipinagkaloob na halaga ay inaasahang makakatulong nang malaki upang maging *model farm* ito ng mga makasasaka sa hinaharap.

Ipinagkaloob ni G. Ric Jayson T. Arreza, kinatawan ng DA-ATI IV-A, ang nasabing pondo sa mga kinatawan ng CvSU-ES na sina Gng. Lorna C. Matel, puno ng Technology Promotions Division at G. Joselito F. Ersando, puno ng Community Engagement and External Relations Division.

Ang TDF, mas kilala sa dating tawag na SAKA, ay isa sa mga napiling LSA ng DA-ATI IV-A mula nang lagdaan ang



Si G. Ric Jayson T. Arreza, kinatawan ng DA-ATI IV-A (gitna), kasama sina Gng. Lorna C. Matel at G. Joselito F. Ersando ng CvSU-ES

Memorandum of Agreement (MOA) sa pagitan ng dalawang ahensya noong Nobyembre 21, 2019. (JFErsando)

EC-CONNECT, sinimulan ... mula sa p. 1



pamamagitan ng *virtual training* o *webinar* at sa tulong ng mga ekspertong tagapagsalita, naihatid ang mga karunungan at kaalaman sa larangan ng pagbububuyog. Ang anim na talakayang isinagawa ay ang sumusunod: *Let's BEEgin*: Ang Pagbububuyog at ang CvSU Bee Program ni Prof. Michele T. Bono, program leader ng CvSU Bee Program; Ang Pag-aalaga ng Lukot ni Prof. Dickson N. Dimero, *project staff* ng CvSU Bee Program; Ang Pag-aalaga ng Laywan ni G. Alberto Marcia ng Albee's Apiaries Enterprise; *Bee Plants and Pollination* ni Dr. Cleofas Cervancia ng UPLB Bee Program;

Sundan sa p. 8



Paghahanda para sa WeBEEnar

MGA BALITANG TGP

Project PUNLA ng FITS Imus, binuo

Binuo ng Pamahalaang Lokal ng Imus sa pangunguna ni Hon. Mayor Emmanuel L. Maliksi at City Agricultural Services Office (CASO) / Farmers' Information and Technology Services (FITS) Center sa pangunguna ni City Agriculturist Robert R. Marges ang programang "Project PUNLA" na mula sa konsepto ng *Plant, Plant, Plant Program* ng Department of Agriculture.

Layunin nito na palakasin at paramihin ang produksiyong pang-agrikultura sa lungsod upang magkaroon ng sapat na suplay ng pagkain sa hapag ng Imuseño.

Nahahati sa tatlong bahagi ang nasabing programa. Ang una ay ang *Immediate* o *Short-term program* na nakapokus sa mga magsasaka na kinakailangan na lamang ipagpatuloy ang pagtatanim ng palay at gulay sa kanilang mga lupang sinasaka kaagapay ang teknikal na gabay mula sa CASO. Pangalawa ay ang *Medium-term Program* na nakatuon ang pansin sa mga *small-scale farmers, backyard gardeners*, at *occasional growers* na ipapatupad sa mga *subdivision/home owners association*, barangay, at iba't ibang samahan sa lungsod na nais magtanim at sumali sa programa. Pangatlo ay ang *Long-term Program* na naglalayong gawing produktibo ang mga bakanteng lote at mga lupang di ginagamit upang taniman ng mga organikong gulay. Malawakang pagtatanim ng gulay ang tinututukan dito upang madagdagan ang produksyon ng mga magsasaka. Nakaprograma din ang pagbubukas ng Barangay *Communal Garden* upang makalikha ng hanapbuhay para sa mamamayan ng barangay at makatulong sa kanilang pang araw-araw na pangangailangan.



Mga nakikibahagi sa Project PUNLA

Nakapaloob din sa programang ito ang pagdadagdag ng produksyon ng karne sa pamamagitan ng pag-aalaga ng baboy at manok sa kanilang bakuran o sa lugar na naaangkop para sa paghahayupan. Kasama rin dito ang pagtatanim ng mga halamang gamot para sa mga *senior citizen* at sa iba pang nangangailangan bilang alternatibong medisina o natural na gamot sa iba't ibang karamdaman.

Ang mga produkto o ani na hindi maibebenta ng may-ari ay bibilhin ng lokal na pamahalaang lungsod makatulong habang ang iba ay

ipoproceso sa pamamagitan ng *value adding* upang walang masayang na produkto at madagdadagan pa ang kanilang kita.

Naniniwala ang CASO / FITS Center at Pamahalaang Lokal ng Lungsod ng Imus na malaki ang maitutulong ng pagpapalakas ng sektor ng agrikultura at pagpapatupad ng Project PUNLA upang unti-unting maiangat ang antas ng ekonomiya ng kanilang komunidad. Nagpapakita ito ng kahulugan ng kanilang islogan na "Sa Imus, Bida ang Agrikultura!" (PGIgtiben / LCMate!)

MGA BALITANG TGP

FITS Naic, tumanggap ng parangal mula sa DA-ATI IV-A

Tumanggap ng parangal ang Farmers' Information and Technology Services (FITS) Center ng Naic, Cavite mula sa Department of Agriculture – Agricultural Training Institute IV-A (DA-ATI IV-A) bilang pangatlo sa ginanap na paligsahan sa paggawa ng *video* tungkol sa *AgriWomen* na may temang “We Make Change Work For Women”.

Tampok sa pitong minutong *video* ang kwento ni Brgy. Kapitana Felicita Rollon Imbis, isang nanay, asawa, lider ng komunidad at magsasaka na sumubok, nakipagsapalaran at nagtagumpay sa larangan ng agrikultura. Ang *video* na pinamagatang “Kwento ng Isang Babae, Kwento ng Pag-asa” ay nagpapakita ng kontribusyon ng mga kababaihan sa agrikultura at pag-unlad ng ekonomiya.

Matapos isalang si Kapitana Imbis sa isang *online* na panayam ay nasungkit ng grupo ang nasabing parangal kasama na ang pagiging “Best in Story Line” at “Most Facebook Like”.

Pinalutang ng nasabing materyal ang kahalagahan at gampanin ng mga kababaihan sa mga gawaing hindi

kailangan ng lakas gaya ng paglalaba at pag-aalaga sa mga pagtanggap ng damo sa taniman. Dagdag ito sa kanilang pangunahing gawain at responsibilidad bilang ilaw ng tahanan na inaasahan sa paghahanda ng pagkain, paglilinis, at baboy. (PACordero/LCMatel)



Ilang kuha mula sa video at patimpalak

Mga produktong kawayan sa Maragondon, inilunsad

Bilang *focus commodity* ng Farmers' Information and Technology Services (FITS) Center ng Maragondon, ilang produktong gawa sa kawayan ang inilunsad sa nasabing bayan.

Pinangunahan nina Hon. Reynaldo A. Rillo, alkalde ng Maragondon, Cavite, at Gng. Catherine U. Diquit, may-ari ng Likhang Maragondon, ang paglulunsad ng “Touch Free Bamboo Foot Press Stand” noong Hulyo 24 sa tulong na rin ng Municipal Agriculture Office (MAO) at FITS Maragondon.

Maituturing na *eco-friendly* ang

nasabing produkto dahil gawa ito sa kawayan na alternatibo sa mga *metal dispenser*. Kinakailangang apakan ang *foot press* upang lumabas ang alkohol o *sanitizer*. Inaasahang makakatulong ito sa pag-iwas sa pagkalat ng mikrobyo dahil hindi na kailangang hawakan ng kamay ang nasabing *dispenser*. Malaki ang naiaambag nito sa kabuhayan ng mga manggagawa sa Maragondon dahil maaari itong gamitin sa mga bahay, ospital, paaralan, at matataong lugar.

Ang Likhang Maragondon ay isang pribadong kumpanya na

tumutulong sa mga manggagawa upang itaguyod at ipakilala sa merkado ang kanilang mga gawang produkto.

Samantala, isa pang samahan na tinatawag na Kawayan Nyo Buhay Ko ang itinatag upang mapalawig ang paggawa ng mga produktong mula sa kawayan. Kasalukuyan itong binubuo ng 17 manggagawa mula sa Brgy. Tulay B. Tinutulungan sila ni G. Cesar Estrada, negosyante at asawa ng Municipal Planning and Coordinator ng bayan, sa pagdadala ng kanilang mga produkto sa merkado. *Sundan sa p. 5*

MGA BALITANG TGP

Programang Org-Ani-ko ng FITS Alfonso, nagbunga na

Makalipas ang dalawang buwan, may ani na mula sa Org-Ani-ko: *A Farm to Table Program* ng lokal na pamahalaan, Department of Agriculture at Farmers' Information and Technology Services (FITS) Center ng Alfonso na sinimulan noong Abril 27. Ang dalawang ektaryang bukid na pag-aari ng pamahalaan ng Alfonso ay tinaniman ng mga gulay at ang aanihin dito ay mapupunta sa mga mahihirap na pamilya ng bayan ngayong panahon ng COVID-19.



Umani ang grupo ng mga gulay na kamatis, ampalaya, labanos, kangkong, petsay at mais mula sa nasabing gawain. Ipinamahagi ang mga bagong aning gulay sa 10 pamilya ng mga Brgy. Marahan at Pajo, at tatlong pamilya mula sa Mangas 1 at 2, Alfonso, Cavite. Tumanggap din ang mga kabataang kulang sa nutrisyon sa Alfonso. May ibang gulay din na nakatanim sa bukid tulad ng talong, okra, kalabasa, sitaw, mustasa at balinghoy.

Ang programa ay pinangunahan ng alkalde, Hon. Randy A. Salamat katuwang sina Konsehal Mayeth Rom, Gng. Eugenia R. Mojica, Municipal Agriculturist at tagapamahala ng FITS Alfonso, at ang Alfonso Farmers Association. (LCMatel/ERMojica)



Ang mga magsasaka kasama si Mayor Salamat at mga tauhan ng FITS- Alfonso

Mga produktong kawayan... mula sa p. 4

Siya rin ang nagturo at nagbahagi ng ibang kaalaman at nagpahiram ng mga kagamitan sa mga miyembro.

Pinatutunayan ng mga produktong ito na hindi hadlang ang pandemya upang ipagpatuloy ng mga manggagawa ng Maragondon ang paglikha ng mga disenyo gamit ang kawayan. (LADognidon)



Paglulunsad ng Touch-Free Bamboo Foot Press Stand



Ilan sa mga halimbawa ng produktong gawa sa kawayan

MGA BALITA

Mga tauhan ng ES, wagi sa patimpalak sa webinar

Nagwagi ang mga empleyado ng Cavite State University - Extension Services (CvSU-ES) na sina Joselito F. Ersando at Paula Gie C. Ducusin sa mga patimpalak sa magkaibang *webinar* na dinaluhan ng dalawa.

Nanalo si G. Ersando sa *Quiz Party* na handog ng ATI@HOME sa *webinar* na pinamagatang "*Free Range Chicken*" noong Hulyo 24. Samantala, nanalo naman si Bb. Ducusin sa patimpalak ng SARAI Eskwela *webinar* na pinamagatang "*Soil Properties and Management for Improved Crop Production*" dahil sa kanyang *Backyard Garden Photo Entry* noong Setyembre 9.

Dahil ipinagbabawal ang mga pagtitipon at *face-to-face* na pagsasanay upang maiwasan ang paglaganap ng COVID-19, naging patok ang mga *webinar* upang

patuloy na makapaghatid ng impormasyon ang iba't ibang ahensya sa mga tao.

Kaugnay nito, nakilahok ang mga kawani ng ES sa mga *webinar* na isinagawa ng Department of Agriculture-Agricultural Training Institute (DA-ATI) at University of the Philippines Los Baños-Department of Science and Technology-Philippine Council for Agriculture, Aquatic and Natural Resources Research and Development (UPLB-DOST-PCAARRD) Project "*Smarter Approaches to Reinvigorate Agriculture as an Industry in the Philippines*" (Project SARAI). Bukod sa karunungan, nag-uwi rin sila ng mga papremyong higit na nagbigay-kulay sa mga nasabing gawain online. (RAAstudillo)

Proyekto ng STAARRDEC ... mula sa p. 1

pandemya.

Kasama sa ginanap na pulong noong Hulyo 1 sina Dr. Lilibeth P. Novicio, direktor ng CvSU-ES; Gng. Lucinda Amparo, tagapamahala ng FITS Amadeo; Gng Lorna C. Matel, *deputy consortium director* ng STAARRDEC at puno ng Technology Promotions Division ng ES; at G.



Si Gng. Lorna C. Matel, STAARRDEC Deputy Consortium Director, habang tinatalakay ang proyekto

Congratulations
ATI@HOME QUIZ PARTY WINNERS!!!

1. April Jamae Manalo	1. Dexter Zoleta-Landicho
2. Danlene Tamis Delos Reyes	2. Clarissa Moral
3. Ruwel Legaspi Ritual	3. Junvee Ronquillo
4. Giovannie Masongsong Sarmiento	4. Tolits Ersando
5. Czar Ivan Gonzales	5. Mherly Torres
6. Zairah Jimenez	6. Benjie Lindo

SARAI ESKWELA:
A webinar series on smarter technologies, practices, and innovations for agriculture

CONGRATULATIONS!
Backyard Garden Photo Entry
by Paula Cruzada

WINNER!

Logos for various organizations and social media handles are shown at the bottom.

Anunsyo sa pagkapanalo ng mga kawani ng ES sa mga webinar

Joselito F. Ersando, puno ng Community Engagement and External Relations Division ng ES. Dumalo rin ang puno ng komite ng agrikultura sa Amadeo na si Kon. Joel Iyaya, kasapi rin ng UPCAFA.

Inilahad ni Gng. Matel ang nabanggit na proyekto upang maunawaan ng mga magsasaka ang magiging tulong nito sa kanila. Binanggit niya ang tungkol sa pagbibigay ng mga libreng binhi at *urban gardening* na isinasagawa kung walang malawak na mapagtataniman ang isang benepisaryo.

Napag-alaman sa nasabing pulong na karamihan sa mga kasapi ng UPCAFA ay nagmamay-ari ng malalaking taniman ng gulay. Dahil dito, maaari silang tumulong sa pagtukoy kung sino ang maaaring maging benepisaryo ng proyekto at sila ay magsisilbing mga tagapagturo at tagapayo ng mga mapipili. Iminungkahi rin ng grupo na kung maaari ay mga butong pananim ng mga gulay na madaling ibenta o karaniwang hinahanap sa merkado ang ibigay.

Kabilang sa proyektong ito ang iba pang ahensya ng gobyerno gaya ng DA-Regional Field Office (DA-RFO) Rehiyon IV-A, DA-Agricultural Training Institute IV-A, Bureau of Plant Industry - Los Baños National Crop Research, Development and Production Support Center (BPI-LBNCRDPSC), Department of Trade and Industry Rehiyon IV-A (DTI IV-A), mga lokal na yunit ng pamahalaan at state universities

MGA BALITA

CvSU, namigay ng 70 libong *face masks* sa tulong ng CHED

Sa pamamagitan ng proyektong tinawag na MASKS na pinondohan ng Commission on Higher Education (CHED), nakapamahagi ang Cavite State University ng higit sa 70 libong *face masks* sa mga residente ng Cavite.

Ang pangalang MASKS ay kumakatawan sa “**Manufacture and Distribution of Adequate Facemasks for the Safety of Key Personnel and Various Frontliners**” na isinagawa mula Hulyo hanggang Setyembre ng kasalukuyang taon.

Bukod sa karagdagang proteksyon laban sa sakit, nakatulong din ang proyekto sa pagbibigay ng trabaho sa higit 30 mananahi na naapektuhan ang kabuhayan dahil sa pandemya. Samantala, walong karagdagang residente ang nabigyan ng trabaho sa pagpapakete ng mga nasabing masks bago tuluyang dalhin sa mga benepisyaryo. Bawat pakete ay may kalakip ding materyal na nagpapapaalala ng tamang gamit ng *face mask*. (LAAOrsal)



Mga mananahi ng Gawad Kalinga na gumawa ng mga *face mask*

Pamamahagi ng *face masks* sa mga barangay ng Indang

Kaalaman kontra COVID-19

Bukod sa kampanya tungkol sa *disinfection* at paggamit ng *saline solution*, nagsagawa rin ng simpleng pananaliksik ang ilang guro mula sa CvSU-Bacoor upang patuloy na maghatid ng kaalamang makatutulong sa paglaban sa COVID-19.

Kaalaman tungkol sa Zinc

Ang COVID-19 ay isang karamdaman na nahahawig sa *flu* o trangkaso. Dahil sa paglaganap ng pandemya, kinakailangan ng katawan ang suplay ng *Vitamin C* na nakakatulong upang mapalakas ang *immune system* (resistensya) laban sa COVID-19.

Ayon sa pagsasaliksik, napatunayan na ang *mineral* na *Zinc* ay malaki rin ang naitutulong upang mapalakas ang ating *immune system*. Ano ba ang nagagawa ng *Zinc* sa ating katawan?

1. Nagpapalakas ito ng ating pangdepensa laban sa mga *bacteria* at *virus* dahil tumutulong ito upang gumawa ng protina at DNA na kinakailangan ng ating *cells*.
2. Nakatutulong ito upang mapanatili ang normal na *blood sugar level* ng katawan.

3. Sumusuporta ito sa malusog na panlasa at pang-amoy.

Ayon sa mga pag-aaral at pananaliksik na makikita sa National Library of Medicine at SAGE Journals, ang bawat isa, may sapat man na gulang, ay nangangailangan ng hindi tataas sa 40mg *Zinc* sa isang araw at kung sasabayan din ng *Vitamin C* ay mas magiging mabisa laban sa pangkaraniwang *viral infection*. Gayunpaman, mas makabubuting kumonsulta sa doktor hinggil sa *dosage* na kailangan ng katawan.

Mapagkukunan ng *Vitamin C* at *Zinc*

Alam nyo ba na ang mga pinagmumulan ng *Vitamin C* at *Zinc* na *micronutrients* ay pangkaraniwan na nakikita natin sa mga pananim sa bakuran o sa pamilihan na maaaring mabili sa mababang halaga lamang?

Kabilang sa maaaring mapagkuhanan ng mga ito ay ang mga maaasim na prutas tulad ng dalandan, kalamansi, bayabas, kahel, kamias, balimbing, bunga ng kasoy, lemon at iba pang maasim na prutas na napapanahon. Mayroon ding mga gulay na nagtataglay ng *Vitamin C* gaya ng mga mabeberde at madidilaw na gulay *Sundan sa p. 8*

MGA BALITA

Webinar sa paggawa ng produktong gourmet, isinagawa

Isinagawa ng Cavite State University-Extension Services (CvSU-ES) katuwang ang CvSU-Tanza Campus sa pangunguna ni G. Ritch M. Banate, tagapag-ugnay ng mga gawaing pang-ekstensyon ng CvSU-Tanza, ang isang *webinar* tungkol sa mga produktong *gourmet* na pinamagatang “*Gourmazing na Negosyo, Kita ay Sigurado*” noong Setyembre 14. Ang pagsasanay ay isinapubliko gamit ang *Facebook Live*, isa sa mga pamamaraan upang

makapaghatid ng panibagong kaalaman at pandagdag kabuhayan ngayong ‘*new normal*’.

Ang *webinar* ay dinaluhan ng mga kalahok mula sa iba’t ibang sektor at organisasyon na nais matuto kung paano gumawa ng *gourmet* alamang (adobo tinapa *flavor*) at *gourmet* tinapa. Ibinahagi nina Bb. Rina D. Compuesto at Bb. Jenelyn N. Relado, mga eksperto sa pagpoproseso ng produktong *gourmet*

at namamahala ng *Gourmet de Tanza*, ang mga kaalaman at madaling pamamaraan sa pagpoproseso ng mga nasabing produkto. Ang pagsasanay na ito ay nagsilbing paraan upang matulungan ang mga kalahok na magkaroon ng alternatibong mapagkakakitaan sa panahon ng pandemya. (RMBanate)



Si G. Banate kasama sina Bb. Compuesto (kaliwa) at Bb. Relado (kanan) habang ibinabahagi ang paggawa ng produktong gourmet

Kaalaman kontra ...

mula sa p. 5

tulad ng kamatis, sampalok, repolyo, letsugas, *carrots*, *spinach* at *cruciferous vegetables* tulad ng *broccoli*, *cauliflower*, kasama na ang kamoteng puti o dilaw.

Samantala ang mga pagkain na mayaman sa *Zinc* ay ang mga sumusunod: talaba (3 onsa ay nagtataglay ng 14.1mg), laman ng karne ng baka (3 onsa ay 7.0mg), *beans* (½ tasa ay 6.9mg), alimango (3 onsa ay 6.5mg), *wild rice* (½ tasa ay 2.2mg), *green peas* (1 tasa ay 1.3mg), *yogurt plain* (8 onsa ay 1.3mg), at mani (1 onsa ay 0.9mg).

Maaaring hindi madalas napapansin ngunit nasa paligid lamang ang mga kailangan upang malabanan ang *virus*. Makabubuting bigyang-pansin ang tama at wastong pagkain at pahalagahan ang kalusugan dahil ang malakas na katawan ay malayo sa karamdaman. (NRFerriol)

EC-CONNECT, sinimulan ...

mula sa p. 2

BEEsness Opportunities: Mga Produkto sa Pagbububuyog ni G. Lee Gaitana ng PIA's Bee Farm; at *BEE Prepared*: Mga Isyu at Konsern sa Pagbububuyog ni Prof. Michele T. Bono. Sa huling yugto ng serye ng *webinar*, sinagot ng limang tagapagsalita ang mga katanungan mula sa mga nakilahok.

Naisakutuparan ang nasabing mga pagsasanay nang may konsiderasyon sa kaligatasan ng mga kalahok na hindi kailangang magtipon-tipon upang makakakuha ng impormasyon tungkol sa pagbububuyog. (RAAstudillo/PGCDucusin)



Mga tagapagsalita sa ginanap na webinar sa pagbububuyog

UGNAYAN

Tagapamahaling Patnugot

Lady Aileen A. Orsal

Katulong na Patnugot

Melinda B. Eugenio

Mga Kontribyutor

Lorna C. Matel

Ritch M. Banate

Eugenia R. Mojica

Joselito F. Ersando

Pamela A. Cordero

Prescilda G. Igtiben

Natividad R. Ferriol

Razelle A. Astudillo

Lorena A. Dognidon

Lady Aileen A. Orsal

Paula Gie C. Ducusin

Bernadette S. Amparo

Mga Editorialy Konsultant

Dr. Ma. Fatima I. Cruzada

Dr. Ruel M. Mojica

Dr. Hernando D. Robles

Opisinang Pang- editorialy

Knowledge Management Center

5th Flr. Ladislao Diwa Library and Museum Bldg.

Cavite State University

Indang, Cavite

Telepono ☎ (046) 4150212